# Prologue

## If I Were a Boy

"He was never there for me, Mama. He's always busy. But when it comes to my brothers, he has time..."

I cried hard on Mama's lap while she caressed my hair. I was fifteen and I just had a recital in school today. I wanted my father to be there and watch me perform. Pero hindi siya dumating. He was too busy building an empire with my brother, Hermes Atlas. Hindi ko na nga alam kung ano pa ang dapat kong gawin. Lahat ay ginagawa ko just to please Papa, pero kulang pa rin.

"You are different because you are Lukas Consunji's daughter."

Ilang beses ko nang narinig iyon mula sa aking ina. But if being Lukas Consunji's daughter made me feel worthless, ayaw ko na lang maging anak niya.

Ang problema kasi ay babae ako. Sana ay naging lalaki na lang ako para mapansin ako ni Papa, at hindi pulos si Hermes ang nakikita niya.

Sa totoo lang, inggit na inggit ako sa pinsan kong si Yza dahil kahit babae, mahal na mahal siya ni Uncle Sancho. Even my cousins Casiel and Gianna were both loved and treasured by their fathers. Pero ako, hindi ko

iyon maramdaman kay Papa.

When I turned sixteen, my father gave me a red *Cadillac*. He said that it's one of the perks of being a Consunji. I gladly accepted his gift. Pero hindi ako marunong mag-drive, that's why he hired a personal driver for me.

His name was Hades Vejar. He was seven years older than me. He was tall, lean and a bit muscular. He was very manly but very impatient, too. He's not just my personal driver, he was also my bodyguard.

"I don't like you," I told him off. He just glared at me. Tinaasan ko siya ng kilay pagkatapos ay bumaba na ako ng sasakyan.

Pumasok ako sa bahay at saka dumerecho kay Mama. She was in the kitchen, cooking our dinner. Lagi siyang nakangiti kapag nakatingin sa akin. I smiled back and hugged her. Mahal na mahal ko si Mama. She was and would always be My Queen mama.

"Mama, can you make me kwek-kwek, please? I like kwek-kwek and fishballs, but Papa doesn't want me eating those tagpipisong thingy," sabi ko habang nakayakap ako sa baywang niya. Halos magkapantay na ang height naming dalawa. Tumigil muna siya sa pagluluto at hinaplos ang ulo ko.

"Maarte talaga iyang ama mo, eh," napapahagikgik na wika niya. One thing I was sure about my parents, the love they felt for each other was genuine—na kahit na sobrang busy ni Papa ay may time siya para kay Mama.

Days passed. Lalo kong naramdaman na mas mahalaga kay Papa ang mga kapatid ko kaysa sa akin. Hindi ko na iniisip iyon. Basta nandiyan si Mama, ay hindi ako nalulungkot. Pero kahit ganoon, gusto ko pa rin na mahalin ako ni Papa, so I still believe in him.

One night I asked him to go to my school program. Kasali kasi ako sa quiz bee. He said he'd come and that he was proud of me. Pero noong araw na iyon ay hindi naman siya sumipot. Si Mama lang ang nandoon para mag-cheer sa akin. As it turned out, Papa went to watch Hermes' football game.

I wanted to cry but I stopped myself. Naisip ko kasing palagi na lang akong umiiyak sa harap ni Mama. Pinauna ko siyang umuwi noon and I asked my personal driver to take me somewhere else.

Habang nakaupo ako sa likod ng kotse ay iyak ako nang iyak. I knew that even though Hades didn't say anything, he was watching me through the rearview mirror, but I didn't care. I was already sixteen and brokenhearted because of my father. He couldn't keep his promises.

Inihinto ni Hades ang sasakyan sa lugar malapit sa breakwater. Tahimik na lumabas ako. May nakita akong benches at lumapit ako sa isa para umupo roon. Napakagat-labi ako. Naisip ko kung naging lalaki siguro ako ay hindi ako babalewalain ni Papa.

Bahagya akong nagulat nang may nakita akong isang plastic cup ng kwek-kwek sa harapan ko. Tumingala ako at

nakita si Hades na iniaabot iyon sa akin.

"Ayoko!" I snapped. Naupo siya sa tabi ko. "How dare you sit beside me! Driver ka lang!"

"Manahimik ka nga, Hera, kung hindi'y hahalikan kita"

My eyes widened. "How dare you!"

Ngumisi siya. "Gusto mong mahalikan?" tudyo niya.

Sa inis ay tinampal ko ang bibig niya. Hinuli naman niya ang kamay ko pagkatapos ay hinatak ako papalapit. We stared at each other, pagkuwa'y inilayo niya ako.

Napatingin ako sa paligid. Hindi ko alam kung bakit kumakabog ang dibdib ko. Nararamdaman ko lang iyon kapag inaaway ko o pinag-aaway sina Hermes at Ares. Tumingin ako kay Hades saka nagpalinga-linga ako. My eyes caught the building of the *Vejar Hotels* na nasa tapat lang namin.

"Are you somehow related to them?" I asked.

He grinned. "He's my father," cool na wika niya.

Lumipad ang aking tingin sa kanya. "Bakit namasukan ka bilang driver ko?"

"There are issues with my father. My parents are separated. Sumama ako kay Mama. Magbuhat noon ay wala na akong narinig mula sa kanila. Kaya ko namang buhayin kaming dalawa ni Mama," he explained. "Anyway, you have a problem with your dad, too. A classic rich brat who gets to have anything she wants, even if she doesn't need it, yet feels unappreciated and worthless."

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko sa kanya.

Lahat kasi ng lumabas sa bibig niya ay totoo. I just sighed.

"Sometimes I wish I were a boy." wika ko sa mahinang tinig. Narinig ko siyang pumalatak. Naramdaman kong hinawakan niya ang kamay ko. Tumingin ako sa kanya.

"Hindi pwede." I looked at him with confused eyes. "If you're boy, I won't be able to do this," he whispered. Lumapit ang mukha niya. Palapit nang palapit iyon hanggang sa maglapat ang aming mga labi.

My eyes widened at first, but then dahan-dahan akong napapapikit. I let him kiss me.

Hades Vejar was kissing me!

Noon pumasok sa isipan ko ang ideyang: *Hades and Hera till eternity...*

Hades and Hera.

We are breaking the Greek mythology.

Hades and Hera...

# 1
# The Gods vs The Goddess

"Argh! I don't get why Yto wants the Vejar account so much. Hindi pa ba sapat na nandito ang rapist na iyon? He's not even thinking about the sanctity of the family business. How can he do this, Mama!"

I stood in front of my mother's grave. I tried so hard not to cry. Hindi ko alam kung ilang balde na ba ng luha ang naiiyak ko mula nang mawala si Mama sa akin. I sighed. Ang laking kawalan ni Mama sa buhay ko.

Una, wala na akong mama, wala pa akong best friend. Wala kasi akong kaibigan—I hated other people that's why I never gained friends. I hated other girls. Siguro dahil kami lang ni Mama ang babae sa pamilya. Lahat ng atensyon ay nasa aming dalawa lang at iyong gusto ko lang ang nasusunod. Iyong opinyon ko lang ang mahalaga.

Lumuhod ako sa harapan ng puntod at hinaplos ang pangalan.

*Apollo Yvangeline Cai-Consunji.*

I sighed again. "Mama, taking care of the boys is harder than I thought. I wish you're still here." A tear rolled down my cheek. I knew that she's watching over me. Hindi ko lang alam kung nakangiti ba siya o hindi. Hindi ko rin alam kung proud siya sa akin.

All my life, I was nothing but a disappointment. Hindi man kay Mama, pero sigurado ako na ganoon ako kay Papa. He's disappointed because I was born a girl. Kaya nga si Hermes ang paborito niya at si Ares naman ang little Lukas Consunji. Ako, I was nothing. Ako lang si Hera. Oo, prinsesa ang tingin sa akin, pero kulang pa rin dahil wala naman sa akin ang paniniwala ni Papa.

Habang nakatayo ako doon ay narinig kong tumunog ang phone ko. It was my secretary. I rolled my eyes before answering the call.

"Hello? Is it important? I'm with my mom," wika ko habang inis na inis sa tao sa kabilang linya. Sinabi ko na sa kanya na male-late ako sa office dahil pupuntahan ko si Mama.

Kagabi, inaya ako ni Papa na samahan siya sa puntod ni Mama, pero hindi ako sumama. I felt awkward with him. Dahil siguro sa nangyari sa amin halos eight years ago. Pero kung iisipin, napatawad ko na siya. I just learned how to live with the pain. I learned how to deal with it. Dumating sa point na parang hindi na ako nabo-bother. Na parang okay na ang lahat.

Isinubsob ko ang sarili ko sa trabaho. Not that it changed anything, pero kaya ako nagpapaka-workaholic ay para makita ni Papa na I could do the job a hundred times better than my brothers.

"Ma'am, may emergency meeting po kayo with the president and our major stockholder."

Agad na kumunot ang noo ko. Lunes pa lang, makikita ko na ang dalawang taong ayaw na ayaw kong nakikita. I took a deep breath as I ended the call, then I tried composing myself. Ako ang Vice President for Finance ng *Consunji Hotels,* pero parang wala akong kwenta sa major stockholder namin at sa brother-in-law niyang impakto.

I couldn't believe that I had to deal with Yto Consunji and Helios Demitri at a moment like this. Agad akong nagpaalam kay Mama at saka sumakay na sa kotse na kanina pa naghihintay sa akin sa labas ng mausoleum. My driver was fixing his tie. Ang bagal niya. Sa inis ko ay sinigawan ko siya.

"Bibilisan mo ba or I'll fire you?" I hissed.

Mabilis pa sa alas cuatro na sumakay siya sa kotse at pinasibad ito. I took out my phone and dialed my new best friend's number, pero tulad ng dati ay nakapatay pa rin ang telepono niya. I so wanna kill Ares for being the reason why Bathseeba left me. Hindi talaga nag-iisip ang kapatid kong iyon.

Thirty minutes later, I arrived at the *Consunji Hotels.* Bumaba ako sa kotse at habang naglalakad ay sinalubong ako ng dalawang unipormadong lalaki at tumayo sa magkabilang gilid ko.

"The Queen has arrived. The Queen has arrived. Do you copy?" I heard them whisper on their radio.

Napangisi ako matapos marinig ang tawag nila sa akin. I required my employees to call me that because I am

Queen Hera Adriana Consunji. *I am different because I am Lukas Consunji's daughter*. And that reason was enough for everything that I did in my life.

Papunta na ako sa office ni Yto. Marami akong nakakasalubong na empleyado and all of them bowed, yes, they bowed before me just to greet me good morning. Hindi ko ni-require iyon pero noong ipakilala ako ni Papa bilang Vice President ng company ay sinabi niya sa speech niya:

*"Everyone must bow before my only daughter for she is my princess. Hera Adriana Consunji."*

Simula noong araw na iyon, lahat ng empleyado ay yumuyuko sa akin. Hindi ako nakakaramdan ng hiya sa kanila. Bakit? Consunji ako. When I walked into a room, I demanded attention, so there's nothing to be ashamed of.

Huminto ako sa paglakad nang marating ko ang office ni Yto. I entered his den and I was greeted by the air of his stupidity. He's really stupid! Bakit? Kasi hindi siya makontento sa manpower ng hotel, gusto niya pang maging kasosyo ang mga Vejar sa buhay naming lahat.

Hindi ko alam kung alam ni Yto na walang binatbat ang mga Vejar pagdating sa mga Consunji. Mas mayaman lang sila sa amin, pero mas magaling ang angkan ko sa negosyo.

In the business world, the Vejars ranked third as the richest family in the Philipines. Pang-apat ang mga Consunji. And sadly, ang pinakamayaman sa lahat ay

ang rapist na asawa ng pinsan kong si Yza, no other than Helios Demitri. How stupid could people be? Hindi nila iniisip na baka galing sa nakaw ang yaman ng lalaking iyon.

Ang problema sa gumagawa ng ranking na iyon ay nasisilaw agad sila sa nakikita nila sa panlabas, hindi nila alam kung paano makikita ang loob.

I smiled when Yto greeted me. He sat on his chair looking powerful. Ang pangit ng pinsan kong ito. Nabubuwisit ako sa mukha niya. Eight years ang tanda niya sa akin, pero wala lang sa akin iyon. I treated him as an equal and my enemy.

Umikot ang mga mata ko sa kabilang parte ng office niya. The other devil was sitting on the couch looking all devilish in his gray suit. His green eyes were fixed on me. Nainis ako lalo. Pakiramdam ko, nasa ilalim ako ng microscope at pinag-aaralan niya ako.

"Hey, Yto! I missed you!" I tried to sound as sweet as I could be. Tatlong linggo rin kaming hindi nagkita ng 'paborito' kong pinsan. He went to Belgium for a conference. Ang saya na sana ng buhay ko, sayang at bumalik pa siya. Lumapit ako para hagkan siya sa pisngi.

"Good, Hera. Nikita bought some shoes for you. Dumaan ka sa bahay. Nami-miss ka na rin ng pamangkin mo. And hey, Niki's pregnant." May ningning sa mga mata niya nang sabihin iyon. Napailing na lang ako.

"Great! Yza's pregnant again, too." Narinig ko ang malutong na halakhak ng demonyo. Gusto ko sanang

itanong kung ni-rape niya ba ulit si Yza para makabuo na naman sila ng baby. If I am right, pang-apat na anak na nila iyon. Of course, the twins, Hyron and Hyan, Hunter and the one inside Yza's tummy now. I just shook my head. Naiisip ko pa rin na sinira ni Yza ang buhay niya sa pagsama sa lalaking ito.

"You bothered me on a Monday morning just to tell me that your wives are pregnant?" Tumaas ang kilay ko. Pinipigilan kong maging mean but I couldn't help it.

"Of course not, Hera. We're here for work." Huminga nang napakalalim si Yto. "Sit, Hera." Itinuro niya sa akin ang visitor's chair sa kaliwa ng table niya. I sat there and waited for whatever he was going to say to me. "We already had a talk with Zeus Vejar," panimula niya.

Tumayo ako at saka hinampas nang malakas ang table ni Yto. Pinukulan ko siya ng masamang tingin. "Don't start your sentence by mentioning the Vejars!" Nag-init ang mukha ko. "Hindi ko alam kung ano'ng problema mo, Yto." Binalingan ko ang asawa ni Yza. "Lalo ka na, Helios. Ano ba ang kulang sa hotel?"

Tahimik lamang ang lalaki.

"This is all your fault!" I spat at him. "Wala kayong tiwala sa manpower natin. Kailangan n'yo pang mag-import sa labas? Ano ba'ng magagawa ng mga Vejar? They're weak! Walang isang salita! Mang-iiwan! Mga paasa pagkatapos aakto na parang walang nangyari!"

Halos mapugto ang hininga ko sa mga salitang lumabas

sa bibig ko. My body trembled, my lips quivered too. Galit na galit ako. Hindi ko matanggap na papasok sa buhay ko ang mga Vejar.

Tuwing naririnig ko ang apelyido nila, naaalala ko ang mga matang iyon na kung tumitig ay parang walang ibang nakikita kundi ako... Naaalala ko ang sakit na naiwan sa akin noon at kung bakit ako mag-isa ngayon.!

"I guess we're just in time."

Lumingon ako. At doon, sa pintuan, nakita ko ang dalawang lalaking halos magkasing-tangkad. Both men were equally good-looking. They were looking at me intently. One had a pair of silver eyes and the other one had a pair of amber orbs eyes...

"Hera, behave," ani Yto sa akin.

I crossed my arms. "Hades Vejar." I said his name like it was the dirtiest word. "What are you doing here? Last time I heard you were in the underworld."

Hades grinned at me. "Life's hard in the underworld. Plus, I missed life here."

Ang lakas ng loob niyang sumagot! Naikuyom ko ang mga palad ko. I walked toward him and slapped his face hard.

"Hera!" narinig kong sigaw ni Yto.

"You're a son of a bitch, Hades Vejar, and you're not welcome here in my turf! Go back to hell!" I hissed.

He just stared at me with those amber eyes, then he grinned again. "Yto, as the eldest of the two Vejars, I am

withdrawing our partnership. Just like what your cousin said, we are not needed here."

Tumalikod sila. His brother grinned at me. Hindi nagtagal ay nawala na ang dalawa sa paningin ko.

"What the f*ck did you do, Hera?" Yto's voice roared. I faced him. Kahit kailan ay hindi ako natakot sa kanya.

I smiled. "What? You're gonna fire me? You know you can't do that." I flipped my hair before leaving his office.

# 2
# Mission Impossible

"Queen..."

I smiled sweetly after hearing my secretary. Other employees called me 'Ma'am' or 'Miss', but I wanted Mimi to call me *Queen* because I deserved the title. I am a queen. I would always be.

"Yes, Mimi?" I was signing the papers that Wednesday morning. I loved putting a tiara beside my signature.

I looked at Mimi with a smile on my face. Sa likuran niya ay bumukas ang pinto ng opisina ko. My office had this queenly lavender interior. My chair was a customized throne with my initials on it.

Naparam ang ngiti ko nang makita si Sancho Consunji na pumasok sa office ko. I rolled my eyes. Sigurado ako na sinabi na ni Yto ang nangyari sa amin kaya nandito na si Uncle Sancho para kausapin ako.

Kung lahat sila ay takot sa devil in a corporate suit, ako naman ang exempted doon. I didn't fear him. Why would I? He's just Sancho Consunji. I was Queen Hera Consunji. Ano ang laban ng isang Sancho sa reyna? Wala.

I smiled sweetly at him. Tumayo ako para salubungin siya. "Good morning, Uncle Sancho." Hinagkan ko siya sa pisngi.

He just sighed. He looked mad. I didn't care.

"What did you do with the Vejars yesterday, Hera?" marahang tanong niya. Nagkibit-balikat lang ako at saka tinitigan siya.

"As I said, I can't see Yto's point. Hindi ko talaga maintindihan. Wala bang tiwala ang anak ninyo sa manpower ng hotel at kailangan pa ng merger? Uncle, is Yto scared of losing? A Consunji doesn't fear anything." Ngumisi ako. "Pero sabagay, there's always an exception to every rule."

Hindi kaagad nakakibo si Uncle Sancho. Nakatingin lang siya sa akin. Ako naman ay nakangiti sa kanya.

"Hindi ko maintindihan kung bakit hindi na lang siya makontento sa kung ano ang meron tayo dito sa hotel. Hindi naman nalulugi ang kompanya. Why the need to merge, Uncle?"

He smiled. Tumaas lalo ang kilay ko. Something was up.

"Your father agreed to this, Hera. We need power," malumanay na wika niya.

Umiling ako. "We don't need power, Uncle. We just have to be content with what we have. We just have to trust our manpower, Uncle. Idealistic si Yt—"

"Of course he is. He's my son! Lahat ng Consunji ay idealistic, Hera," malamig na sagot niya.

Hindi ako natinag. "Sana bago tayo maging idealistic, magtiwala muna tayo sa kung ano ang meron tayo," mariin

kong saad. Umiling si Uncle Sancho. Magkaugaling-magkaugali sila ni Yto sa lahat ng bagay. Pakiramdam nila ang lahat ng sinasabi nila, ay agad-agad na batas na. Hindi ako takot at kahit kailan, hindi ako makakaramdam ng takot para sa kanila. I was my own person.

Uncle Sancho turned to leave my office. Bumuntong-hininga ako. Somehow, I knew that we're not done yet. May round two pa. I sighed again when he finally left the room.

Pabalik pa lang ako sa trono ko nang biglang bumukas ulit ang pinto. Akala ko ay si Uncle ulit iyon at bumalik, pero nagkamali ako. It was my father, Lukas.

"Pa..." Ngumiti ako. He didn't smile back. Nakatingin lang siya sa akin. Bakit ganoon ang mga lalaki sa pamilya ko? They all looked mighty and strong. Kahit na hindi sila nagsasalita ay parang kaya pa rin nilang durugin ang kahit sino.

"I'll say this once, Hera," umpisa ni Papa. "Apologize to the Vejars. Your mother didn't raise you like that."

Napanganga ako, hindi makapaniwala sa aking narinig. I crossed my arms. "Over my dead body!" I hissed.

He shook his head. And before he left, he said, "You will or I'll fire you as the VP for Finance."

Nanlalaki ang mga matang umupo ako sa trono ko. I called Mimi. Humahangos na tumakbo siya palapit sa akin.

"Call the receptionist at the second floor! Now!" Agad siyang sumunod. Ilang minuto lang ang nakalipas ay

dumating na si Mimi kasama ang babaeng iyon.

"You!" I yelled. I looked at her. She had a pair of big eyes. Hindi lang iyon, mukha siyang probinsyana. I hated her. "I don't like you, you're fired!" Nanlaki ang mga mata niya sa pagkabigla, hindi makapaniwala. "Get her out of my sight, Mimi!"

"You can't fire people just like that, Hera!"

Iyon agad ang isinalubong sa akin ni Yto nang makalabas ako ng office ko. Kasunod ko na ang dalawa kong bodyguards. Hindi ko pinansin si Yto. Nakasunod lang siya sa akin.

"Hera! You are being unreasonable again!" sabi

Huminto ako. "I fired her kasi alam kong ire-rehire mo naman siya. Happy? At ako pa talaga ang unreasonable, Yto Jose? Ikaw ang nagsumbong sa tatay mo. Mama's boy na nga, sumbungero pa. I don't even think you have enough balls to run this company.

"Paano pa kapag ikaw na ang nakaupo sa emperyo? Babagsak ang kompanya dahil sa 'yo at diyan sa pagiging idealistic ninyo! Wala kang tiwala sa mga tao natin, sa kakayahan natin. A ruler without trust on his people is weak and scared. Ikaw iyon, Yto. Hindi ka bagay pumalit sa tatay mo because you forgot Lola Adel's vision."

Inirapan ko siya at saka umalis. My body trembled with so much anger. It was hard to be surrounded by ruthless men that tried to control the way I think. Hindi nila ako

mapapasunod.

Habang nakaupo sa backseat ng sasakyan ay naalala ko si Papa at ang sinabi niya kanina. I bit my lower lip. I would never apologize to Hades Vejar. Nor would I ever let him win.

Hindi ko hahayaang makita ako ng kahit sino as second-best. I worked hard to get to this position, hindi ko sasayangin iyon.

I closed my eyes and suddenly, I saw Mom's smiling face. Matapos iyon ay parang sirang plaka na narinig ko ang laman ng sulat niya sa akin bago siya mawala.

*You are different because you are Lukas Consunji's daughter. Behave, Hera. Love your dad. Take care of him because as clear as I could remember it, ikaw ang paborito niya...*

A tear rolled down from my eye. I cleared my throat. "Kuya, let's go to the *Vejar Hotels*," mahinang wika ko.

I looked outside. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari. Kung sakali man, this would be the first, and hopefully, the last time I'd ever have to apologize to somebody.

Nakarating kami sa aming pupuntahan. Agad akong bumaba sa kotse ko at saka pumasok sa loob ng gusali. Wala nang tanong-tanong. Umakyat ako sa thirty-fifth floor, alam kong naroon ang hinahanap ko.

"Ma'am?" Sinalubong ako ng secretary niya.

"Where is Hades Vejar?"

"Uhm... he's busy at the moment, Ma'am."

Tiningnan ko siya. Napatingin ako sa french door sa aking harapan. I'm sure that's his office. Sinenyasan ko ang mga bodyguards ko para hawakan ang babae bago ako nagtuloy sa loob ng pintong iyon.

"Hades!"

Someone screamed his name but that wasn't me. Napako ang aking mga paa sa kinatatayuan ko. Kusang sumara ang pinto. I crossed my arms.

There was a woman on Hades Vejar's desk—naked and biting her lip because of pleasure while the evil Vejar was thrusting his hips.

Tumaas ang kilay ko. I cleared my throat. "Vejar, kailan kayo matatapos?" tanong ko sa kanya. Parang ngayon lang nila naramdaman ang presensya ko.

Bigla siyang itinulak ng babae. "H-Hades!"

He was still wearing his pants, but his upper part bare. I could see his tanned skin, toned muscles and that attention seeking V-line.

I kept calm. "I don't have all day. I just need to talk to you," mabilisang wika ko. Nakita kong nagtiim ang mga bagang niya. Ipinagkibit-balikat ko iyon.

"Dayana, leave us," mariing utos niya sa babae.

Nakatitig lang sa akin ang huli. I knew why. Hindi siya makapaniwala na may kasing-ganda ko dito sa mundong ito. She took her clothes. Doon mismo siya nagbihis. Matapos iyon ay umalis na siya.

Nakikipagtitigan ako kay Hades. His amber eyes

seemed to have a darker shade now.

"I'm here because—"

My eyes widened when he walked toward me. Hindi na ako nakahuma. One moment he was at the other side of the room, and now he's in front of me.

He cornered and trapped me against the wall. Nakita kong nagtataas-baba ang dibdib niya. I could smell his musk perfume.

Nangilabot ako nang maramdaman ang labi niya sa noo ko.

"I missed you, *mi bella*..."

What the hell?

# 3
# *Benefit*

*"Para kanino iyan?"*

*Sinundo ako ni Hades sa school that day. I was so happy seeing him and remembering that night we shared my first kiss..*

*I had always wanted a boyfriend. Sixteen na ako, I guess I needed that already, but my father didn't think that way. Kapag nasa dining table kami at tatanungin ako ni Mama kung may boyfriend na ako, sasabihin ni Papa na hindi pa ako pwedeng magka-boyfriend dahil walang tamang lalaki para sa akin. I would always roll my eyes and smile a bit, but deep inside me, natatakot ako. I knew that I would be needing my father's approval if ever I fell in love.*

*Kasabay ng takot ay ang inggit ko sa mga kapatid ko. Open sila kay Papa tungkol sa mga love life nila. Sina Hermes at Ares, kung magpalit ng babae ay parang nagtatapon lang ng used tissue paper. The last time I heard, Hermes had four girlfriends all at the same time, at parang wala namang pakialam ang mga iyon kung pinagsasabay-sabay sila. Si Ares naman, I would always hear about his sexual escapades which was a little bit creepy for me.*

*Dinutdot ko ang balikat ni Hades. "Hey, para kanino 'yan?" Itinuro ko iyong cattleya orchid na nasa dashboard ng*

Bentley *ko.*

*I stared at him. Mula nang halikan ako ni Hades, para bang nagka-crush na ako sa kanya. Yes, crush. I was sixteen and I had a crush on a twenty-three year old driver. The eldest son of one of the richest people in the country. Hah! Wasn't that funny?*

*"Sa girlfriend ko," mabilis na sagot niya.*

*Binuksan niya ang passenger door, he stood there as if waiting for me to get in and I did. Sa isip ko, umuulit iyong sinabi niya na para sa girlfriend niya iyong bulaklak. May girlfriend siya. Hinalikan niya ako pero may nobya na pala siya. Ano iyon, joke? Why would he do that to me? Pinaglalaruan niya ako.*

*Gusto kong makaganti pero dahil hindi ko pa alam kung paano, tatahimik na muna ako. I sat at the backseat while thinking of a plan. Malakas ang tibok ng puso ko. Nagagalit kasi ako. I wanted to slap his face. But then, I was a Consunji, hindi dapat madumihan ang mga kamay ko.*

*Napatingin ako sa bag ko nang marinig ang ring ng phone ko. I answered it immediately after seeing the caller's name.*

*"Hello, Papa?" My voice was a bit shaky. Kinakabahan ako at hindi na iyon dahil galit ako kay Hades.*

*"Hera, pauwi ka na ba?" he asked. "If you are, dumaan ka muna dito sa Seconds. The restaurant near my office. I need you."*

*My face lit up. Hearing my father saying he needed me sounded like music to my ear. Hindi ako mapakali.*

*"Okay, Papa! See you!" Binalingan ko si Hades. "Sa Seconds tayo. Papa needs me." Nakangiti pa rin ako. Nawala ang init ng ulo ko sa lalaking ito.*

*Iiwasan ko na lang siya. In the first place, dapat hindi ako nagpahalik sa kanya. He was my driver, at dapat hanggang doon lang. Napapangiti ako talaga. Tinawagan ko si Mama para ibalita na tinawagan ako ni Papa para lang sabihin na kailangan niya ako. I was really happy that moment.*

*Dumating kami sa Seconds. Iniwan ko na lang ang gamit ko sa kotse at hindi ko na hinintay si Hades na ipagbukas ako ng pinto. Kusa na akong bumaba para pumasok sa loob ng restaurant. I saw my father settled on a table near the window. May kasama siyang isa pang lalaki, then a young lad in uniform. Sa hitsura niya ay para na siyang college student.*

*"Papa..." tawag ko. Lukas Consunji looked at my direction and grinned at me. Lumapit ako para hagkan siya sa pisngi pagkatapos ay pinaupo niya ako sa kanyang tabi.*

*"This is my princess, Hera," pakilala niya. Nginitian ko siya. Tinapik niya ang balikat ko, pagkuwa'y binalingan ang kausap niya. "Baby, this is Augustus Ledesma. He's studying a business course at the Ateneo. May kakambal siya, si Marco Polo but he's in the States.*

*Hindi ko maintindihan ang nagaganap. Papa said he needed me. Pero bakit may mga ibang tao? Papalagpasin ko na lang muna. Mamaya ay tatanungin ko siya kapag pauwi na kami.*

*We ordered food. Tahimik lang akong nakaupo roon habang*

*nakikiramdam. Mayamaya ay nagpaalam si Papa na babalik sa office kasama ang ama ni Augustus. Binilinan niya ang huli na ihatid ako sa bahay pagkatapos naming mag-usap.*

*"Pero, Pa, the driver..." palusot ko. He smiled at me.*

*"I'll take care of him. Enjoy your date." Kinindatan niya ako.*

*Right after he left the restaurant did I realize what he needed me for. Tiningnan ko si Augustus. He was munching on his steak. Naikuyom ko ang mga palad ko.*

*"Eat, Hera," he said. Tumaas ang kilay ko. He pronounced my name as Hera not 'Era'. Ayokong-ayokong namamali ang mga tao sa pagbanggit ng pangalan ko. Tumayo ako at kinuha ang baso ng tubig pagkatapos ay sinaboy iyon sa kanya.*

*"It's Hera silent H, imbecile!"*

*After that, I walked out. Paglabas ko ng restaurant ay wala na ang kotse ko. Wala na rin si Hades. Lalong nag-init ang ulo ko. Naiwan ko ang cellphone ko sa bag at wala akong dalang pera kundi coins dito sa bulsa ko. Paano ako tatawag? Paano ako uuwi? I walked around. Nakakita ako ng payphone. Pinuntahan ko iyon at saka doon tumawag.*

*I called the house, pero walang sumasagot. Probably the maids were busy at si Mama rin ay may ginagawa. I bit my lower lip. Tumawag ako sa bahay ni Tita Laide para magpasundo. Hindi naman nagtagal ay may sumagot sa phone nila.*

*"Is Tita Laide there? I need to talk to her."*

*Agad tinawag ng maid si Tita. Seconds later,*

*nagkaintindihan kami. Naghintay lang ako sa tabi ng payphone and after almost thirty minutes ay nakita kong may dumarating na pamilyar na kotse. Nang ibaba ng kung sino ang bintana niyon ay nakita ko si Tita Laide na nakangiti sa akin. Binuksan niya ang pinto at agad akong pumasok.*

*Iyong luha na kanina ko pa pinipigilang tumulo ay agad-agad na lumabas nang makita ko si Tita.*

*"Papa never needed me the way he needed my brothers, Tita. How can he be so unfair?" humihikbing sabi ko. Niyakap lang niya ako.*

*"Hera, naaalala mo ang s'abi ng mama mo? You are your father's favorite, so don't cry, honey..."*

*"Hindi! Alam mo ba alam na ginamit niya ako ngayong araw na ito para makapag-close ng deal with the Ledesmas? He made me date that guy who couldn't even pronounce my name right!" I sobbed hard. Hinayaan niya lang akong umiyak.*

*Pagdating namin sa bahay ay agad akong bumaba ng sasakyan. Nadaanan ko si Hades na pinupunasan ang kotse ko. Alam kong nakatingin siya sa akin. Hindi ko siya pinansin. Nakita ko si Mama na parang naghihintay sa akin sa tabi ng hagdanan. I hugged and kissed her before I climbed upstairs.*

*"Ano'ng nangyari, Hera?" she asked. Hindi sana ako sasagot, pero napatigil ako nang bigla kong marinig ang boses ni Papa. Galit siya nang tawagin ang pangalan ko.*

*"Adriana!" Napahinto ako. Nasa ikatlong baitang pa lang ako ng hagdan nang tawagin niya ako. "How dare you embarrass me in front of Mr. Ledesma!"*

*"Lukas, 'wag mong sigawan ang anak mo!"*

*"Tumigil ka, Apollo! Kaya tumitigas ang ulo niyan dahil palagi mong kinakampihan! Ask her what she did!"*

*Naluha ako. I bit my lower lip. Nakita kong pinipigilan ni Mama si Papa na puntahan ako. Bumaba ako at lumapit sa kanila.*

*"Ask him what he did, Mama," wika ko. Nakita ko si Tita Laide na nakatayo sa tabi ko. "He called me. Pinapunta niya ako sa* Seconds, *para saan? Para saan, Papa? Para i-date iyong Augustus na iyon? Papa, why can't you treat me the way you treat Hermes and Ares?" I was crying. "Why can't you love me the way you love them? Is it because I'm a girl?" mahina pero mariing sabi ko. "Why can't you be like Uncle Sancho? Mahal niya si Yza kahit babae siya or Uncle Adam or Uncle Julian? Why can't you be fair?"*

*Nanlaki ang mga mata ko nang biglang dumapo sa pisngi ko ang palad ni Papa.*

*"Lukas!" sigaw ni Mama.*

*"Oh, God!" daing ni Tita Laide.*

*My mouth parted. Sinampal ako ni Papa!*

*"Lukas, ano ba!" sigaw pa rin ni Mama.*

*"S'abi nila, Papa, truth hurts. Nasaktan ka ba? Good. Kasi ako, matagal na akong nasasaktan." Nilagpasan ko silang lahat. I needed to get away. I needed to breathe. I needed to get out.*

*"Adriana!" he called.*

*Hindi ako bumalik. Lumabas ako ng bahay. Hindi ko alam*

*kung saan ako pupunta. Humihikbi ako, hinihingal, kinakapos ng hininga pero hindi ako tumitigil. Gusto kong makalayo. Sinaktan ako ni Papa. Hindi yata talaga niya ako mahal.*

*Nang makadama ako ng pagod ay basta na lang akong naupo sa sidewalk at doon nag-iiyak. Yakap ko ang mga binti ko. Umaagos ang luha ko. Hindi ko alam kung anong oras na. Hindi ko na rin pansin kung gaano na ako katagal umiiyak.*

*"Tama na iyan..." narinig ko ang isang pamilyar na boses.*

*Nag-angat ako ng ulo at nakita si Hades na nakaupo sa tabi ko. He cupped my face and wiped my tears away. Bumaba ang kamay niya sa balikat ko. Mayamaya ay inilagay niya sa kandungan ko ang cattleya orchid na nakita ko kanina sa dashboard ng kotse ko. Umingos ako.*

*"Huwag mong ibigay sa akin iyan," sabi ko sa kanya. "Para iyan sa babae mo. Ibigay mo sa kanya."*

*"Wala akong babae," natatawang wika niya.*

*"Girlfriend pala," I snorted.*

*"Kaya nga. Binigay ko na sa girlfriend ko."*

*Matagal bago ako nakapagsalita. Tinitigan ko lang siya. Itinataas-baba niya ang kanyang mga kilay. Nang gabing iyon muli akong napanganga.*

*"Medyo slow ka pala, Hera." Binigyang-diin niya ang pronunciation ng pangalan ko. He grinned. His amber eyes had a lighter shade now. Parang gold iyon.*

*"Bakit amber ang mga mata mo?" bigla kong naitanong.*

*"It's in my genes. Zeus' eyes were silver, Athena's violet. S'abi nasa ninuno daw namin. Well, we got lucky." Pasimple*

*niyang hinawakan ang kamay ko. "You made me happy today, Hera."*

*"Happy? Sinampal ako ng tatay ko 'tapos happy ka?" asik ko.*

*"Happy because you didn't entertain the guy. I could've killed him. No one should look at you that way, ako lang dapat," he sighed. "Last night, I was thinking of making love with you. I so wanted to claim you and make you mine, but you're too young. Sa susunod na lang. When you turn eighteen, Hera, I'll make sure that your blood will sing for me and every vein in your body will want me, only me..."*

*Nakanganga lang ako. Iba ang dating ng mga salita ni Hades sa akin. I should be appalled pero hindi, kinikilig ako.*

"How dare you kiss a queen, Vejar..."

Malamig pa sa yelo ang tinig ni Hera Consunji nang magsalita siya. Bahagya niya lang akong itinulak at saka lumayo sa akin. She started looking around the office, her arms crossed. She had this ridiculous look on her face na para bang inip na inip na siya.

Humarap siya sa akin at saka ngumisi. "Nandito ako dahil pinapunta ako ng papa ko," panimula niya. "Hades Vejar, I am here because my father wants me to apologize to you."

Tumaas ang kilay ko matapos marinig ang sinabi niya. Tiningnan ko si Hera mula ulo hanggang paa. She wore a white corporate dress and a pair of red heels. Nakalugay

ang buhok niya.

Pero ang buong atensyon ko ay nasa mapusyaw niyang mga labi. I remembered once she told me that she hated red lipstick. I didn't know why. She was always wearing a pink shade. Not that I care, I only care about her lips, her lips that I wanted to kiss.

"You are going to apologize?" tanong ko. Umiling siya.

"Queens never apologize. Nagpunta lang ako dito para sabihin sa 'yo, utusan ka na makipag-usap muli kay DemonYto at kay Satanas para sa partnership na hindi ko talaga maintindihan kung para saan. In exchange of that, I will make your stay at the *Consunji Empire* a living hell. Deal?"

Taas na taas ang kilay niya habang sinasabi ang mga bagay na iyon. Ngumisi ako.

"Why would I? Wala naman akong makukuhang benefit."

"Meron, Vejar!" Napapalakpak si Hera. Pinigilan kong mapangiti.

"Ano naman iyon?" I dared.

"Iyong thought na makakasama mo ako araw-araw at makikita mo ako? You don't have to stalk me anymore," she said in a sweet manner. Inirapan niya ako at pagkatapos ay lumabas siya. She flipped her hair before leaving my office and I found myself trembling and I didn't even know why.

# 4
# Still Mine

The merger was now official. Iyon lang ang paulit-ulit na naiisip ko habang binabasa ang memorandum na nagsasabi na kailangan kong uma-attend ng meeting bukas nang alas siete. Because tomorrow, we would welcome the newest addition to the *Consunji Empire*, at iyon ang magkapatid na Vejar.

I sat back on my throne while thinking about a plan that would ruin that day. Of course, I would not let the Vejars have it easy. Sila ang bago, sila ang kailangang mag-adjust.

"Hey, sis..." I looked up and saw Hermes enter my office. He wore a gray *Chanel* suit. Pahaba nang pahaba ang buhok niya. Napansin ko na mula nang mawala si Mama, hindi na siya nagpagupit. I guess it's his way of mourning. Ako naman, mula nang mawala si Mama, I only wore two colors, black and white. Hangga't hindi siya nakaka-one year, hindi ako magsusuot ng ibang kulay. That day, I wore a black and white corporate dress with a silver belt. I paired that with my red *Manolo's* and... *voila*! I was so beautiful.

Hermes bent down to kiss my cheek. "Tiring day, huh. How's your throne?" He grinned at me. Napangisi din ako.

"Still intact. How's your day? And where the hell is

your as*hole brother you call Ares Adolf?"

Napansin ko na halos isang buwan nang hindi umuuwi si Ares sa bahay. I checked on his office, ang sinabi ay naka-leave daw ang magaling kong kapatid. I tried to call him, but he's not answering my calls. Hermes smiled.

"Little brother got married." His tone was as if he was just stating that the sun rises every damn morning. Napatayo ako.

"He got what!" I snapped. Hinampas ko ang aking mesa saka umikot para kuwelyuhan ang kapatid ko. "Ulitin mo ang sinabi mo!" Gigil na gigil ako. Itinaas ni Hermes ang mga kamay niya na para bang malapit nang sumuko. Natatawa pa siya.

"He got married a month ago," he said to me again. Lumapat ang mga kamay ko sa leeg niya.

"Ako mismo ang papatay sa 'yo kapag nalaman ko na pinaglololoko mo lang ako!"

"He married Bathseeba."

Bigla kong binitiwan si Hermes. My eyes widened.

"Oh, my God!" I looked at him, my mouth agape. Tumatango-tango siya. "Does Papa know?"

He shook his head. "Hindi pa. After na lang daw ng honeymoon nila sa Bataan."

Sinapok ko ang balikat niya. "Sa Bataan lang? He didn't even take her to France or to Belgium or to Greece! What kind of an idiot is he?" Kinuha ko ang phone ni Hermes para hanapin ang number doon ni Ares. Dinampot ko

na rin ang bag ko at hinatak ang magaling kong kapatid. Binalingan ko siya bago idikit sa tainga ko ang phone niya.

"We're gonna have a dinner with Gianna so drive to the Bistro," utos ko sa kanya. Habang naglalakad ay karay-karay ko siya. Finally, Ares answered.

"You f*cking Consunji! Bakit dinala mo siya sa Bataan para doon lang kayo mag-honeymoon? Bobo ka ba?" sigaw ko. Wala akong pakialam kung pinagtitinginan ako ng mga empleyado habang sinisigawan ko si Ares Adolf sa phone. "Adolf! She's my best friend! You should treat her right! Give her a f*cking church wedding or you're so gonna fry!"

"Hera, kumalma ka nga!" Hermes hissed. May dalawang empleyado ang nasalubong namin. They giggled when they saw my brother.

"Good evening, Queen, Sir Hermes." Pinandilatan ko sila.

"It's Hermes, silent H, you morons!" I snapped. Naiinis talaga ako kapag hindi maitama ang mga pangalan namin.

"Kumalma ka nga, Ate," sabi ni Ares sa kabilang linya. "Iuuwi ko si Bathseeba. 'Wag mo akong sigawan. Istorbo." Ibinaba niya ang phone.

Napanganga ako. It's the first time my brother hung up on me. Binalingan ko si Hermes at saka bahagyang sinampal.

"Kung ano-ano'ng itinuturo mo sa bunso natin kaya ganyan iyan! Argh! You two are getting into my nerves!"

"And my face is swollen because of you," natatawang

sabi niya.

Inirapan ko siya at ibinalik sa kanya ang phone niya. Pasakay na kami ng elevator nang marinig ko ang boses ni DemonYTo. Tinawag niya si Hermes. He's with his wife, Nikita. Nakatawag ng atensyon ko si Hades Vejar na kasunod nilang dalawa at may isang babaeng kulang sa suklay ang nakaangkla sa braso niya. Hindi iyon ang nakita ko sa office niya noong isang linggo.

"Hey, Yto." Nagkamay silang dalawa. Hermes kissed Nikita's cheek. I sighed. Napilitan akong lumapit para batiin si Nikita. I wanna roll my eyes. Ayoko kay Nikita dahil ipinagsiksikan niya ang kanyang sarili kay Yto, she's so desperate. Bagay talaga sila ni Yza na mag-best friend, isang weak at isang stupid.

"Hi, Niki!" I hugged her. "I missed you!" Narinig kong nag-snort si Hermes. Matapos kong yakapin si Nikita ay sinadya kong suntukin nang bahgya sa baba ang kapatid ko.

"Aww! Hera!" angal niya

"Sorry, brother." Nginitian ko siya nang nakakaloko.

"Oo nga pala, Hera, kasama namin si Hades and his fiancée, si Venus."

I rolled my eyes. Wala bang creativity ang mga magulang ng babaeng ito at 'Venus' ang ipinangalan sa kanya?

"Hi!" I put on my sweetest smile. "Nice to meet you. I'm Hera."

"Silent H," dugtong ni Hermes.

"I think she knows that already, Atlas!" Pinanlakihan ko siya ng mata.

"We're gonna have dinner, Hera. You wanna come?" aya ni Yto sa akin.

Umiling ako. Tamang-tama lang na imi-meet ko si Gianna after work. Hindi ako obligadong sumama sa kanila. I never liked hanging out with Yto after work. Lalo na ngayon na kasama niya ang isa pang buwisit sa buhay ko.

"I'm meeting up with Gianna," tugon ko.

"Great! Magkikita rin sina Gianna at Yza, so it means sa iisang restaurant tayo. Kumain na tayo nang sabay-sabay," sabi sa akin ni Nikita.

Paismid na tinitigan siya ni Hermes. "Let's have dinner with the fam. Di ba you miss Yto and Niki? She was just telling me how she missed you, Niki, and how much she wants to hear stories about your pregnancy. Very Hera! So concerned!"

"Papatayin kita!" I hissed at him, pero nakangiti pa rin ako. "This is so great!"

"Let's go!" Nagpatiuna na sina Nikita at Yto. Hinarap ko si Hermes at sinabunutan.

"Nakakainis ka! I'm gonna skin you alive, Hermes!"

Narinig kong may tumikhim at napatingin ako sa gawi nito. Nakita kong nandoon pa rin si Hades at ang fiancée nitong kulang sa vitamin E. I smiled at them.

"Halika na, Hermes!" Hinatak ko ang buhok ng kapatid

ko papasok ng elevator. Gigil na gigil ako sa kanya. "How can you do this to me?" He just smiled.

"Kaya pala pamilyar si Vejar, siya iyong driver mo noon," he said.

Binalingan ko siya."Shut up!"

We ended up eating at a restaurant called *Brand X*. It's just around the metro. Pagdating namin doon ay naroon na si Yza kasama ang Satanas, I mean si Helios, at ang anak nilang si Hyan. The boy was sitting on his father's lap, playing with the latter's cheeks. Sinasaway naman ito ni Yza. Helios looked so amused. Not that I care. I rolled my eyes.

"Hi, Ate Hera," Gianna greeted me. Ngumiti na lang ako at saka naupo sa tabi niya. Hermes sat beside me. Pumuwesto naman sina Yto at Nikita sa tabi ni Yza. The latter smiled at me.

"You're here, Hera. Kumusta?"

"Dahil nandito ang asawa mo, I'm in hell, dear cousin," matabang na sagot ko.

"But of course she's kidding, guys! Alam ninyo naman si Hera," ani Hermes sa lahat.

Hindi ako nagbibiro. Ayoko talagang nakikita sina Helios at Yto nang magkasama. Sasamahan pa ni Hades at ng babae niyang kulang sa ganda. I rolled my eyes again. Nakita kong paparating na ang Vejar at ang fiancée niya. I just flipped my hair and waited for them.

Naiinip na ako. Ang tagal ng buong gabi. The dinner was boring. Wala akong ibang narinig kundi baby, baby, baby... I hated kids!

"Hera, I heard you dated Romano San Vicente. Kumusta na kayo?"

Napatingin ako kay Nikita. Romano San Vicente was a shipping line magnate. And yes, we dated for a year, but I lost interest.

"He's just too plain," wala sa loob na wika ko.

"Siya ba iyong nagalit noong tinali mo sa kama?" natatawang saad ni Hermes. Saglit akong natigilan.

"Oh, yeah! Natatandaan mo. He was freakin' mad when I tied him up!"

Nag-high-five kami ng kapatid ko. We started laughing. Bigla ay may kung anong nabasag. Napatingin ako sa kabilang side ng mesa. I saw Hades' hand bleeding. Nabasag niya ang wineglass na hawak niya.

"Babe! Okay ka lang?"

He stood up. "I'm gonna pay for dinner," anito saka tumayo. Pupunta siguro ito sa men's room.

"Ano'ng problema n'on?" tanong ni Yto. Nagkibit-balikat si Venus.

Ibinalik ko ang aking pansin sa pagkain ng salad. Hindi talaga ako nag-e-enjoy sa family gathering lalo na kapag wala si Mama. I sighed. I looked at Hermes.

"I miss Mama," bulong ko sa kanya.

He looked at me and held my hand. He gave me a kind

smile.

"Naaalala ko rin siya. I miss her too." We both sighed.

Mayamaya, bumalik na si Hades sa table. Madilim ang mukha niya. Para bang may nakaaway siya. Hindi ko siya tinitingnan, but when I did, I saw his amber eyes burning with anger. Hindi siya kumakain, he was just looking at me like he wanted to burn me with those eyes. I stared back at him then for the nth time, I rolled my eyes. Hindi ko alam kung ano ang problema niya, pero alam ko ang hitsura niyang iyon.

"Hades, are you okay?" Venus asked. Hindi siya nagsalita.

The silence around the table was getting into my nerves. Hindi ko alam kung anong klaseng katamihikan iyon. Bakit nakakainis? Bakit lahat natahimik? Kanina naman ay nagkukuwentuhan ang lahat.

Out of the blue, nagsalita ang anak ni Yza.

"Aunt Hera, wala bang nagmamahal sa 'yo?"

My eyes widened right after I heard Hyan Demitri asked that question.

"Baby, you shouldn't talk to your aunt that way..." saway ni Yza sa anak nito.

"Mama, totoo naman. S'abi ni Daddy, kapag walang nagla-love sa person ay nagiging bad. He said that he became good because you love him. Probably, no one loves Aunt Hera that's why she's masungit."

"Hindi ako masungit, Hyan," I said in a very Hera tone.

"I'm a queen. I don't deal with commoners." Tumaas ang kilay ko and then I flipped my hair.

"But you're just Hera. Mama's the queen. Right, Daddy?"

My eyes widened again. Sasakalin ko ang anak ni Yza!

"Baby..." Nagsalita ang Satanas. "Everyone has their own queen. It just so happened that the queen of my heart is your mom." Kumindat pa ang gago. Kitang-kita kong namula ang mukha ni Yza. Yto, on the other hand, kissed Nikita's hand. I rolled my eyes.

"Couples! So baduy!" I ranted. Natawa naman si Gianna sa akin.

"Hades..." narinig kong tawag dito ni Venus. "Sing for me..." Naglalambing ito. Napatingin ako sa direksyon ng ex ko.

Nakatingin pa rin sa akin si Vejar, pero tumayo siya para pumunta sa stage na nasa gitna ng restaurant. He took the guitar. Tumapat siya sa microphone at nagsalita.

"This is for my young love."

Napalunok ako. Wala akong nagawa kundi ang tingnan siya. Hindi nagtagal ay narinig ko na ang isang pamilyar na kanta.

*I was her, she was me*
*We were one, we were free*
*And if there's somebody calling me on*
*She's the one*

*If there's somebody calling me on*
*She's the one*

I felt goosebumps all over. I remembered that song! He sang that on my eighteenth birthday right after he...

*Though the sea will be strong*
*I know we'll carry on*
*Cos if there's somebody calling me on*
*She's the one*

Napalunok ako dahil sa kantang iyon. Naramdaman kong namamasa ang mga mata ko. Why should I cry over something I have lost almost a decade ago? Wala naman na iyon. Siya ang nang-iwan sa akin. I've moved on. Ilang beses kong inulit sa isip ko na okay na ako. Na hindi lalabas ang Hera na iniwan ni Hades noon. Ang Hera na pinaasa niya. Ang Hera na sinaktan, iniwan at pinanghinaan ng loob. Pasalamat siya at hindi ako naghihiganti sa kanya. Pasalamat siya at pinipilit kong maging civil.

Wala akong nararamdaman at wala akong dapat maramdaman.

Hades finished the song. Bago niya ibaba ang gitara, nagsalita pa siyang muli.

"You're still mine... I can feel it. Your heart still beats for me."

# 5
# Part of Me

"Siya iyon, di ba, Hera?"

Hindi ko alam kung ilang beses ko nang pinanlakihan ng mata si Hermes habang pauwi kami sa bahay dahil kinukulit niya ako sa katauhan ni Hades. Nakakatawa na ngayon niya lang naisip na kamukha ng ex ko ang driver na ni-hire ni Papa noon para sa akin.

Para bang iniinis niya lang ako dahil noong isang taon ay dumalo kami nina Yto at Satanas sa isang hotel conference sa Ilocos. Kasama rin namin ang mga Vejar doon. Hermes talked to him. Kasama ko rin ang kapatid ko sa burol ni Mama kung saan unang nagpunta ang mga Vejar. Ibig bang sabihin niyon, hindi niya nahalata na si Hades ang lalaking iyon?

"Oo, siya iyon. What's the point?" I was a bit irritated. "Ares knew him. 'Tapos ikaw, hindi mo matandaan? Where's your brain? In your dick, brother?" wika ko bago lumabas ng kotse niya.

I had a tiring day. Hindi ko na nga alam kung anong oras kami natapos sa dinner na iyon. Inis na inis ako sa lahat ng tao sa table na iyon lalo na kay Hermes. He was teasing me because he realized that Hades used to be my driver.

"So ex-boyfriend mo siya."

My eyes widened. Matabil talaga ang dila niya. Gamit ang aking *Hermes* bag, hinampas ko ang kanyang mukha.

"Aray!"

"Magtigil ka, Atlas, at hindi ako natutuwa sa 'yo!" sigaw ko.

Nagtuloy ako sa bahay. Dumerecho ako sa silid ko. I opened the window because I couldn't breathe. Nang umupo ako sa aking queen-sized bed ay saka lang ako nakahinga.

Bakit ba nararamdaman ko na naman ang ganito? I should be relaxed. I had moved on. I had forgotten the fact that I was hurting because of him. Hindi na dapat.

"The man clearly has a life of his own now, Hera. Why feel sorry for yourself?" I whispered to myself.

I hugged my favorite pillow and took a deep breath. I felt like crying but I wouldn't even dare shed a tear for him. Sinaktan niya ako noon, so why should I cry for him now? I shook my head and stood up again.

I could still feel that aching part of me. I needed a relaxing bath. I stood up and walked toward the bathroom. Ilang sandali pa'y nakalublob na ako sa bathtub.

I tried to calm my nerves. Sa isipan ko kasi ay naririnig ko pa rin ang walanghiyang boses ng Vejar na iyon. Wala na dapat siyang epekto sa akin. Wala na dapat! Nangako ako sa sarili ko noon na huling beses na ang pag-iyak ko sa kanya noong nakaraan. I was so hurt then. I almost quit

my job, almost left the country because I felt so vulnerable.

Ayoko ng ganoong pakiramdam. Ayoko na ng ganoong estado ng buhay. Gusto ko ay ang dating ako bago mangyari ang gabing iyon na pinatunayan niyang pag-aari niya ako, na hindi naman talaga because I didn't belong to anyone.

A Consunji never belonged to anyone unless we became submissive. And I was a dominant just like my father, Lukas and my brothers, Hermes and Ares.

Natapos ako sa paliligo. I dried my body and took my lavender-colored robe. I had always love lavender; it symbolized royalty and I was a royal. I have always been.

Nang makalabas ako sa bathroom ay noon ko napansin na lumaki ang pagkabukas ng bintana ko. My forehead knotted. Lumapit ako roon para isara iyon nang bigla kong maramdaman ang kung sino na humawak sa balikat ko.

"Mightyf*cker!" I hissed. Lumayo ako at saka sumandal sa pader. I turned around and I saw Hades standing in front of me with those burning amber eyes. "What the f*ck are you doing here?" Gigil na gigil ako. Ano na naman ang gusto niya? At nagawa niya pa akong puntahan sa bahay. He's really my stalker.

"Romano San Vicente..." Halos hindi bumubuka ang bibig niya habang nagsasalita. My eyes widened when he held my face, cupping my chin with his hand as his fingers gripped my cheeks. "You tied him up? Ginawa mo sa kanya ang tinuro ko sa 'yo?"

Tinulak ko siya palayo sa akin. "How dare you touch

me? Bitiwan mo ako!"

Lalong humigpit ang hawak sa akin ni Hades. His amber eyes were burning.

"Gusto kong maalala mo ang nangyari noon sa Ilocos, Hera. How you screamed my name. How much you wanted me that night and the next night, how my skin felt against yours. Never forget that."

His lips crushed mine and again, I felt like the sixteen-year-old naïve girl who fell in love with him. But then, I composed myself. Ang kapal talaga ng mukha niya! Itinulak ko siya saka sinampal.

"Sorry, Hades, but I ain't that naïve girl you've fooled before. Iniwan mo ako, pinaasa, sinaktan. Siguro naman karapatan kong makaramdam ng galit sa 'yo. Pasalamat ka at hindi ako naghihiganti."

Tiningnan ko siya mula ulo hanggang paa. "I have that effect." I grinned. "You are trembling, I don't care if it's because of anger or whatever but you are trembling, still trembling because of my presence." I flipped my hair. I heard him sigh. Tumalikod siya at saka umupo sa kama ko.

"Bakit hindi ko magawang magalit sa 'yo? I should kill San Vicente, Hera."

"Then kill him. I don't care. Two men killing each other because of me makes me feel so..." I sighed, "queenlike."

Nakita kong hinubad niya ang kanyang coat. Tumaas ang kilay ko. Lalong tumaas iyon nang maghubad siya sa harapan ko. Naka-boxer shorts na lang siya. Hindi ko

maiwasang mapalunok.

Hades... well, bagay na bagay sa kanya ang pangalan niya. He's like a Greek god and he had the body. The chiseled chest and the perfect abs... I had licked that. I shook my head. Kung anu-ano ang iniisip ko. Dumako ang mga mata ko sa V-line niya. Even those lines were so perfect. I sighed. I crossed my arms.

"What are you doing?"

He sat on my bed again.

"Honey, if you're gonna ask me to pick between sleeping on a queen-sized bed with you or driving another two hours just to get to my house, I'd rather sleep in a queen-sized bed with you than do anything else."

Saglit ko siyang tinitigan. I just sighed. "Alam mong pwede kitang paalisin."

"Gagawin mo ba?" He went under the sheets. I was torn between asking him to leave and something that I couldn't even explain. In the end, I approached the bed and lay beside him.

"I can but I'm too tired. The queen needs to sleep," I told him. He wrapped his arms around my waist.

"I missed us like this, Hera."

"That's the price you have to pay for leaving me, Hades. Now go to sleep and be sure that I won't see you tomorrow. Ayaw kitang makita diyan pagkagising ko. Understand?"

"Whatever you say, My Queen." He kissed my temple and as I closed my eyes, I felt that nagging feeling in my

chest. Para bang sinasabing dapat akong maging masaya.

"Hades, where are you?"

I was looking at Hera while I talked on the phone with Venus on the other line. My ex-girlfriend was still asleep. Iyong balak kong magpahinga na lang kasama siya ay hindi nangyari. Hindi ako natulog. Pinagmasdan ko lang siya hangga't hindi ko na alam kung gaano katagal. I memorized her soft features. Iba ang hitsura ni Hera kapag gising siya. Para bang palagi siyang matapang.

"I'm at the mansion. Papa needed me. Hindi na kita nabalikan," kunwa'y sabi ko.

"Hindi ako makatulog. I was so excited kanina, s'abi mo kasi you'll be spending the night with me."

Sinilip ko ang digital clock ni Hera. I smiled when I saw the clock was shaped like a tiara. It's two thirty in the morning.

"Venus, I'm tired. I'll just see you next month, I mean tomorrow," mahinang wika ko. Tinapos ko ang tawag at saka pinatay ang phone ko. I went back to admiring Hera. She was so beautiful. I didn't even think that it was possible for someone to be this beautiful. She looked like a goddess.

"Mama..." Napatitig ako sa kanya. Nakita kong dahan-dahang tumataas ang kamay niya, tila may inaabot siya. "Mama..." Her voice was hoarse. Hinawakan ko ang kamay niya saka inilagay iyon sa dibdib ko.

"Hera..." I whispered her name. "Hera, I'm here..."

Dahan-dahan, iminulat niya ang mga mata. Our eyes met. I could see tears in her eyes. I asked myself, iiyak nga ba si Hera sa harapan ko? She just sighed.

"S'abi ko ayaw kitang makita paggising ko," nakalabing sagot niya sa akin. Napangiti ako.

"It's two thirty in the morning, Hera. I'm tired and I want to sleep."

"Hindi na ako makakatulog kaya hindi ka rin makakatulog. Kapatid ka kasi ni Satanas."

Hinigpitan ko ang paghawak sa kamay niya.

"Kakantahan kita so you can sleep. Rest your head on my chest, honey." Matagal siyang nakipagtitigan sa akin habang siya ay nakalabi. "Susunod ka o hahalikan kita?"

"Ayoko. Why would a queen take orders from the god of the underwor—"

I kissed her for the second time that night. I had always looked forward to kissing her, her lips were like a drug to me. It kept me high, it made me lose myself. I liked the feel of her lips against mine. My lips moved to trsail little kisses on her jawline. Itinulak niya ako. I moaned.

"Hoy, demonyo ka din!" she hissed. "Wala na tayo kaya wala kang karapatang halikan ako. My lips are reserved for my future husband. You lost your chance when you left—"

I kissed her again. Sumasagot naman siya sa bawat hagod ng labi ko, pero kapag lumalalim ang halik ay itinutulak ako.

"Hades! Stop kissing me!" sigaw niya. Natatawang

hinatak ko siya.

"Miss na miss na kita."

"Well, I don't miss you."

"We both know that's a lie."

"I hate you, you know..." mahinang wika niya. I made her sit on my lap. Magkaharap na kami ngayon. I touched her face. She was, after all these years, still my Hera. Still mine.

"If I could only..." I sighed. I cupped her face. She pouted her lips.

"You told me you're gonna sing for me."

I smiled. Inihiga ko siya sa aking tabi. I kissed her forehead and caressed her hair while I sang for her.

*'Cause I need you here tonight*
*I need you here inside*
*Oh, I need you here tonight*
*I really, really need you here tonight...*

I waited until she fell asleep. I planted a soft kiss on her lips and left the Consunji mansion. I sighed. I couldn't believe I'd be leaving with a heavy heart.

"Good morning, Queen..."

I was walking in the lobby of the *Consunji Hotels* that morning. Surprisingly, I had a goodnight sleep and I woke up happy. Ayoko namang isipin na may kinalaman doon

ang gunggong na si Hades. Kung tutuusin, pwede ko siyang idemanda ng trespassing dahil pumasok siya sa kwarto ko nang walang pahintulot, pero hahayaan ko na lang. Ayoko ng eskandalo sa pamilya ko.

Nang marating ko ang twenty-eighth floor ay sinalubong agad ako ng secretary ko. She started telling me about my schedule. I yawned because I got bored.

“Mamaya na iyan. My schedule is so boring. I have a seven o’clock meeting with hell, right?” Tumango na lang siya. “Bring me my coffee in the conference room.”

Nagpunta na ako sa conference room. Pagpasok ko doon ay naroon na sina Uncle Sancho at Yto. Sancho Consunji looked domineering as always, at ang pinsan ko naman ay pangit pa rin at nakakabuwisit ang mukha niya. On the other end of the table, I saw Satan’s twin brother, Helios Demitri with my nephew, Hyron. Pareho silang nakasuot ng suit. Hyron was writing on the paper while Helios was reading something, I guess iyon ang magiging unang project ng merger.

“Good morning, people, bow to the queen.” Tumingin silang lahat sa akin. “If it isn’t my favorite uncle, cousin and cousin-in-law.” I smiled so wide nangawit ang panga ko. I bent to kiss Uncle Sancho’s cheek.

“Where’s your father?” he asked. Hinagkan ko rin si Yto.

“Oh, I heard he’ll visit Mama, Uncle. Where is the devil?” hanap ko sa mga ‘bisita’ sa araw na iyon. Nakita

kong papalapit sa akin si Hyron. His green eyes were just like his father's. Nagulat ako nang mag-bow siya sa akin. I smiled widely afterwards.

"Good morning, Aunt Hera."

"You're such a cutie I could bite your cheeks!" Hindi ko lang masabi na iyon ang proper way of greeting me because I was a queen.

Hinagkan ko si Hyron sa noo. Matapos iyon ay bumalik na rin siya sa tabi ng tatay niyang kalahi ni Satanas. Helios smiled at me. I just smirked. Maybe the guy knew that I didn't like him. Hanggang ngayon nga iniisip ko kung paano niya napaamo ang pinsan kong sintigas ng bato pero no match pagdating sa akin.

Naupo na ako sa isa sa mga silya doon and hinintay si Mimi na dalhin ang kape ko. Habang naghihintay ay binalingan ako ni Helios.

"Hera, we're going to have a joint project with the Vejars. You'll be working with Hades from this day on."

Binalingan ko siya. Tumaas ang kilay ko. Inuutusan ba niya ang reyna? I just sighed.

"What kind of project is this?" I asked.

"We are planning to build a golf course in Tagaytay, Hera. Your father had agreed on this. Ikaw ang in-appoint niyang mag-asikaso ng lahat, and of course, I told your father that this will be the first ever project since the merger kaya kailangan ng supervision mo." Si Uncle Sancho ang nagsalita.

"Why not Yto?" I looked at my uncle.

This time, si Yto naman ang sumagot. "Hindi ako pwede, Hera. I'll be flying to Paris this weekend with Niki and the other Vejar for the franchise. We'll be going global." He seemed proud. Matagal na niyang gustong maging global ang *Consunji Hotels* and I shared that vision with him.

I wanted us back on track. Hindi naman kami nawala, nauungusan lang kami ng mga Ledesma. And in my opinion, it's because Yto lacked of what Lola Adel called the heart.

At iyon ang ipinaglalaban ko. Ang pagkakaintindi ko sa sinabi ni Lola Adel noon kay Papa, at ang vision ng hotel at ng buong emperyo, we had to trust our own manpower.

In Yto's case, mana siya kay Uncle Sancho. He's too idealistic, a perfectionist. If things got out of hand, madali siyang magalit. I saw him lose his patience countless times. Wala pa rin siyang sinabi sa akin, but I hated how he looked at our manpower. Wala siyang tiwala, sila ng ama niya, and it's too sad.

"Sa Paris? Pero hindi ba mahirap iyon, Uncle? Marami nang hotel sa Paris. Kung magtatayo ng *Consunji Hotels* doon, di kaya lamunin tayo ng iba pang hotels? Why not start in a near country, example sa Hong Kong. Particularly in Macau. Kumbaga sa baby, nagsisimula pa lang tayo, mas mabuti na sa mas malapit; mas safe sumugal, mas makikita natin. O kung ayaw ninyo sa Hong Kong, there's always the Jeju Island in Korea, the place is heaven. Uncle, we

couldn't afford to lose this. If we're going global, we need to be careful," mariing wika ko.

Napangiti si Yto, sabay iling. "Wala kang tiwala, Hera. Magagawa ko ang mga bagay na ito. I can make everything possible. Paris is a good place to start."

"Bakit? Dahil iyon ang paradise city ninyo ni Nikita?" I was mad now. "So kung iyon ang basehan, bakit hindi rin tayo magtayo ng *Consunji Hotels* sa Athens dahil iyon ang paradise city nina Yza at Helios?"

"Hera, iyang bibig mo," Uncle Sancho warned. I didn't care.

"Totoo naman! Sa lahat ng idealistic, ikaw, Yto, ang pinaka-selfish! You're always doing things for your wife. Para kay Niki, para ganito, para ganyan! Di ba iyan din ang dahilan mo kung bakit nagtayo ka ng inn sa Bicol, dahil gusto ni Nikita sa lugar na iyon and what happened?"

"It boomed," sabi niya sa akin.

Ngumiti ako nang patuya. "For a year. Now you've converted it into a warehouse kasi nalugi. Sa tingin mo sa iniisip mong iyan, magtatagumpay ka kaya? Iyong kalandian mo, iwan mo sa kama ninyo ng asawa mo!"

"Hera!" sigaw ni Uncle Sancho. Tumayo siya. "Iyang bibig mo," madilim na sabi niya.

"Uncle, kaya malakas ang loob niya dahil inaayudahan ninyo ng lalaking iyan." Tinuro ko si Helios na nakatingin lang sa amin. "Ang lahat ng gusto niya. No matter how you deny it, you know I have a point. Pero gagawin ninyo pa

rin ang gusto niya because he is your son and he is also the CEO. How unfair is that?"

"I can fire you, Hera," banta ni Uncle Sancho. Tinaasan ko siya ng kilay. I shook my head.

"We both know you can't do that, Mr. President." Tinitigan lang nila ako. I took a deep breath. "I just hope in whatever you do, Yto, you will remember Lola Adel's vision. We don't need ideals, we need the heart."

After saying that, I left the conference room. Sa paglabas kong iyon ay nakita ko si Hades kasama ang kapatid niyang si Zeus. I didn't like the way the two men looked at me. Nakakapikon.

"Good morning, Queen Hera."

Nagulat ako nang lumuhod sa harapan ko si Zeus at yumuko. He even took my hand and kissed it. Naiinis na binawi ko ang kamay ko. Ang kapal ng mukha niya!

Mula noong gabing sinagip niya ako mula sa kamuntik nang pagkahulog sa hagdanan sa fire exit ng hotel na iyon, hindi iilang beses niya akong nilapitan para ayaing magkape.

Ang sinasabi niya sa akin ay bayad ko iyon dahil niligtas niya ang buhay ko. Ang ginawa ko, pinadalhan ko siya ng isang dosenang sako ng kapeng barako galing sa planta sa Batangas nang matahimik siya.

"Just because you saved me from falling off the stairs doesn't mean we've become friends."

I raised my brow at Zeus. Kung makaasta siya ay parang

friends kami. He just grinned.

"You make me hot, Hera."

"I have that effect on men." I flipped my hair. Nilagpasan ko silang magkapatid. Bago ako malagpas ay hinawakan ako ni Hades sa braso.

He whispered in my ear. "You're still mine, Hera."